Ang pagpaligo sa araw ng Biyernes ay kinakailangan sa bawat muḥtalim, na magsipilyo siya, at na magpahid siya ng isang pabango kung nakatagpo siya."}

Ayon kay `Amr bin Sulaym Al-Anṣārīy na nagsabi: {Sumasaksi ako kay Abū Sa`īd na nagsabi: Sumasaksi ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang pagpaligo sa araw ng Biyernes ay kinakailangan sa bawat muḥtalim, na magsipilyo siya, at na magpahid siya ng isang pabango kung nakatagpo siya."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pagpaligo sa araw ng Biyernes ay nabibigyang-diin gaya ng kinakailangan sa panig ng bawat lalaking adultong kabilang sa mga Muslim, na kabilang sa isinatungkulin sa kanya ang ṣalāh sa Biyernes: Maglilinis siya ng mga ngipin niya sa pamamagitan ng siwāk at tulad nito. Magpapabango siya sa pamamagitan ng alinmang halimuyak na pampabangong kaaya-aya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10036